



Ano ang Kapansanan?

- **Halos 1 sa 5 Australiano ay may isa o higit pang mga kapansanan. Nangangahulugan ito na minsan sa iyong buhay, magkakaroon ka ng kapansanan at/o may makakakilala, makakatrabaho, magmamahal at/o magkakaroon sa iyong pamilya ng isang taong may kapansanan.**
- **Maaaring nakikita o nakatago ang isang kapansanan, maaaring permanente ito o pansamantala** at maaaring maliit o malaki ang epekto nito sa mga kakayahan ng isang tao. Mahigit 80% ng mga kapansanan ay hindi nakikita. Maaaring hindi iniisip ng maraming tao na mayroon silang kapansanan; gayunpaman, maaaring karapat-dapat sila sa makatuwirang pagsasaayos sa pag-aaral o trabaho upang matulungan silang makamit ang kanilang potensyal.
- **Maaaring maapektuhan ng kapansanan ang pagkilos, kakayahang matuto, o kakayahan na madaling makipag-ugnayan .**
- **Malawak ang kahulugan ng *Disability Discrimination Act (1992)* at maaaring may kasama itong mga bagay na hindi mo maituturing na kapansanan noon, kasama ang:**
 - tuluyan o bahagyang pagkawala ng mga paggana ng katawan o pag-iisip ng isang tao
 - tuluyan o bahagyang pagkawala ng isang bahagi ng katawan
 - pagkakaroon ng mga organismo sa katawan na nagdudulot ng sakit o karamdaman
 - ang hindi maayos na paggana, pagiging hindi normal ng hitsura o pagkadisporma ng isang bahagi ng katawan ng isang tao
 - isang sakit o maling paggana na nauuwi sa pagkatuto ng isang tao sa ibang paraan kumpara sa isang taong walang ganoong sakit o maling paggana
 - isang problema, karamdaman o sakit na nakakaapekto sa mga proseso ng pag-iisip, pagtingin sa katotohanan, mga emosyon o pagpapasya ng isang tao, o na nagresultang maging problemadong pag-uugali.
- **Bagama't ipinanganak nang may kapansanan ang ilang tao, maaaring nabuhay nang wala nito halos sa buong buhay nila ang karamihang taong may kapansanan sa kasalukuyan.** Halimbawa, ang mga taong nagkaroon ng kanilang kapansanan sa isang insidente sa lugar na pinagtatrabahuhan o aksidente sa sasakyan, at ang mga taong maaaring nagkaroon ng kapansanan a pagtanda nila.

- Kasama sa mga halimbawa ng mga kundisyong maaaring maituring na kapansanan sa ilalim ng *Disability Discrimination Act (1992)* ang:
 - **Mga Pangmatagalang Medikal na Kundisyon**
Hika, Diabetes, Cancer, Crohn's Disease, Arthritis
 - **Mga kapansanan sa pag-iisip**
Down Syndrome, Fragile X Syndrome, Fetal Alcohol Syndrome
 - **Mga kapansanan sa pagkatuto**
Dyslexia, Dysgraphia, Scotopic Sensitivity
 - **Mga Kundisyon ng Kalusugan ng Pag-iisip**
Depresyon, Mga Anxiety Disorder, Schizophrenia, Bipolar Disorder
 - **Mga kundisyong neurological**
Multiple Sclerosis, Epilepsy, Asperger's
 - **Mga pisikal na kapansanan**
Pinsala sa Spinal Cord, Cerebral Palsy
 - **Mga kapansanan sa pandama**
Pandinig, Paningin

Sino ang mga Taong may Kapansanan?

- Ang mga taong may kapansanan ay nasa bahagi ng bawat seksyon ng ating komunidad: mga lalaki, babae at bata; mga taga-employo at empleyado; mga mag-aaral at guro; katutubo at hindi katutubo; mga customer; at mga mamamayan.
- Ang tanging pinagkaiba ng isang taong may kapansanan ay maaaring hindi sila makagawa ng ilang partikular na bagay sa katulad na paraan ng karamihan mga tao sa lipunan nang hindi ini-uugma o nagkaroon ng pagbabago upang matulungan silang malampasan ang mga epekto ng kanilang kapansanan. Walang dalawang taong magkapareho ng kapansanan ang nakakaranas ng kanilang kapansanan sa parehong paraan.

Pinagmulan

Job Access

http://jobaccess.gov.au/Coworkers/Working_with_people_with_disability/Pages/home.aspx

Australian Employers Network on Disability

www.employersnetworkondisability.com.au/index.php?option=com_content&task=view&id=69&Itemid=16